

May problema ka ba sa panlalawigan o panmunisipal na serbisyo ng Ontario?

Pakiramdam mo ba ay tinatrato ka nang hindi patas o hindi nirespeto?

Nahaharap ka ba sa mahabang pagkaantala, o nagkakaroon ng problema sa pagkuha ng mga sagot?

Kailangan mo ba ng impormasyon tungkol sa mga serbisyon nararapat mong makuha?

**Makakatulong kami.**



Kabilang sa mga potensyal na kalalabasan para sa iyo ang:

- Pagbabago ng hindi patas na patakaran
- Pagbuti ng isang hindi magandang serbisyo
- Pagkuha ng mga dahilan ng mga nangyari sa iyo
- Pagtanggap ng pera o mga benepisyon hindi ibinigay sa iyo

## ANG PANGAKO NAMIN

Sa pamamagitan ng pagtukoy ng mga problema at pagmumungkahi ng mga solusyon, nakakatulong kami na mapabuti ang ugnayan sa pagitan ng mga tao sa Ontario at ng mga sangay ng pamahalaan na naglilingkod sa kanila.

Nakatuon kami sa paglutas ng mga reklamo at paggawa ng mga rekomendasyon na magpapaganda ng mga serbisyo, magsusulong ng mga karapatang pantao at makatutulong sa mga mahihinang tao.



Malaya Hindi Kumpleto Kumpidensyal Libre

### Makipag-ugnayan sa amin:

Office of the Ombudsman of Ontario  
483 Bay Street, 10th Floor, South Tower  
Toronto, ON M5G 2C9

1-800-263-1830

TTY (teletypewriter): 1-866-411-4211

[www.ombudsman.on.ca](http://www.ombudsman.on.ca)

Email: [info@ombudsman.on.ca](mailto:info@ombudsman.on.ca)

 Facebook: Ontario Ombudsman

 X (Twitter): @Ont\_Ombudsman

 Instagram: OntOmbuds



May alalahanin ka ba tungkol sa serbisyon panlalawigan o pangmunisipal sa Ontario?  
**Makakatulong kami.**



[www.ombudsman.on.ca](http://www.ombudsman.on.ca)

1-800-263-1830

Malaya Hindi Kumpleto Kumpidensyal Libre

# ANO ANG OMBUDSMAN?

Libre para sa lahat ang Tanggapan ng Ombudsman para sa lahat sa Ontario na may problema sa serbisyo ng pamahalaang panlalawigan o munisipal.

Nilulutas namin ang mga reklamo, nag-iimbestiga ng mga isyu, at gumagawa ng mga rekomendasyon para mapabuti ang mga serbisyong pampubliko.

**Susubukan naming lutasin ang isyu mo, o ipapaalam sa iyo kung saan susunod na pupunta para makakuha ng tulong.**



# MATUTULUNGAN KA NAMIN SA:



- ServiceOntario (mga lisensya sa pagmamaneho, health card, sertipiko ng kapanganakan)



- Mga samahan ng pagtulong sa mga bata, grupo at bahay-ampunan para sa mga bata at kabataan



- Mga lupon ng paaralan, kolehiyo, unibersidad at programa ng tulong sa mag-aaral



- Mga serbisyo, programa at permit sa munisipal

- Mga pasilidad ng pagwawasto at mga sentro ng hustisya ng kabataan



- Ontario Disability Support Program (ODSP), Ontario Works at iba pang benepisyong panlipunan



- Ontario Health Insurance Plan (OHIP), Trillium Drug Benefit at iba pang programa sa gamot



- Family Responsibility Office (FRO)

- Workplace Safety and Insurance Board (WSIB)



- Lupon ng Landlord at Nangungupahan at ibang mga tribunal

# ANO ANG MAAASAHAN MO MULA SA AMIN

- Magalang kaming makikinig sa kwento mo at magtatanong ng ilang katanungan.
- Poprotektahan namin ang pagkapribado mo.
- Magtatanong kami sa serbisyo ng pamahalaan para alamin kung patas sila sa iyo.
- Independent kami sa lahat ng mga pamahalaan. Ang mga opisyal ng probinsiya at munisipyo ay kinakailangang makipagtulungan sa amin.
- Hindi kami kumakampi kaninoman. Kapag may nakikita kaming hindi patas, gagawa kami ng paraan para maitama ito.
- Susubukan naming mabilis na lutasin ang isyu mo. Kung ito ay nasa labas ng aming hurisdiksyon at may ibang ahensya na maaaring humarap sa problema, tutulungan ka naming makipag-ugnayan sa kanila.



Malaya Hindi Kumpleto Kumpidensyal Libre